MALAY 30.1 (2017): 1-12

# Limang Case Study Tungkol sa mga Barako ng Batangas: Pagdalumat sa Isang Mas Makatotohanang Imahen ng Barako

# *Five Case Studies on the Barakos of Batangas: A More Appropriate Image of the Barako*

**Aristotle P. Balba**
Pamantasang De La Salle, Pilipinas
aristotle.balba@dlsl.edu.ph

**Feorillo Petronilo A. Demeterio III**
Pamantasang De La Salle, Pilipinas
feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph

**Abstrak:** Nilalayon ng papel na ito na maglahad ng isang mas makatotohanang imahen ng barako bilang isang kultural na imaheng nakakabit na sa identidad ng mga Batangueño. Sa pamamagitan ng pagsagawa ng limang *case study* sa ilang bantog na barako sa lalawigan ng Batangas ipakikita ng papel na mas malalim at makulay pa ang tunay na imahen ng barako kaysa imahen nitong kumakalat sa kulturang popular sa labas ng nasabing lalawigan.

**Mga Susing Salita:** Lalawigan ng Batangas, Barako, Batangueño

***Abstract:*** *This paper intends to lay down a more appropriate image of the* barako *as a cultural icon that already been attached to the identity of the Batangueño. By undertaking five case studies on some of the known barakos of the province of Batangas this paper will show that the real image of the* barako *is deeper and richer than its image found in popular culture outside the said province.*

***Keywords:*** *Province of Batangas,* Barako*, Batangueño*


Copyright © 2017 by De La Salle University

## Panimula

Ang lalawigan ng Batangas ay matatagpuan sa timog-kanlurang bahagi ng Luzon. Pinaiikutan ito ng mga lalawigan ng Cavite at Laguna sa hilaga, ng lalawigan ng Quezon sa silangan (Ilustre 1), ng Verde Island Passage at Tayabas Bay sa silangan, at ng Karagatan ng Kanlurang Pilipinas sa kanluran. Sa pigura 1 ay matutunghayan ang isang mapa na nagpapakita sa lokasyon ng Batangas at ng mga nabanggit nang lalawigan at karagatan. Matutunghayan din sa nasabing figure kung paano hinati-hati ang lalawigan sa may 34 na bayan at lungsod, at kung saan matatagpuan ang mga pinakamatao nitong bayan at lungsod, katulad ng Batangas City na kabisera ng nasabing lalawigan.

Kabilang ang mga tao sa Batangas, o mga Batangueño, sa pangkat etnolingguwistiko ng mga Tagalog. Ngunit hindi katulad ng ibang Tagalog, kilala ang mga Batangueño sa kanilang pagiging matapang. Mababatid na simula pa noong una ay nakitaan na sila ng katapangan. Nagsimula pa ito sa kanilang kultura ng kumintang noong sinaunang panahon. Ang kumintang ay nagsimula bilang isang awit-pandigma. Ito ay umiral bago pa dumating ang mga Kastila. Kung susuriin ang mga liriko ng kumintang, may mga mapupunang pagpapakita ng katapangan ng mga tao na naninirahan sa lugar. Mula sa panulat ni Jose Arogante ay mapupunang ang mga liriko ng kumintang ay kuwentong mayroong nais sumakop sa isang lugar kaya ang tugon ng mga tagalugar na ito ay labanan ang mga mananakop kahit hanggang kamatayan (Arogante 30). Kumintang ang naging sinaunang pangalan ng Batangas City. Sa ngayon, Kumintang ang pangalan ng isang barangay sa nasabing lungsod.

Bahagi rin ng identidad ng matapang na Batangueño ang pagkabarako. Ayon sa batikang lingguwistang si Cecilio Lopez (1898-1979), ang salitang *barako* ay isang korupsiyon ng salitang Espanyol na *verraco* o *berraco* na ang pangunahing kahulugan ay "lalaking baboy na ginagamit na pangkasta" (498). Sa wikang Tagalog/Filipino hindi lamang napalitan ang ilang titik ng salitang Espanyol, kundi lumawak ang pangunahin nitong kahulugan at sumaklaw sa iba't ibang lalaking hayop na ginagamit ding pangkasta. Kung ang salitang Espanyol ay may sekondaryong kahulugan na tumutukoy sa lalaking tao na napakahusay,




***Pigura 1:*** Mapa ng Lokasyon ng Lalawigan ng Batangas at ng Pagkakahati-hati ng Nasabing Lalawigan sa may 34 na Bayan at Lungsod

o napakatapang, o galit na galit, o malaki ang katawan, o malibog; ang salitang Tagalog/Filipino ay may kahalintulad na sekondaryong kahulugan na tumutukoy rin sa lalaking tao na malakas ang seksuwalidad, macho, matipuno at malakas ang katawan, at matapang, at pati na iyong mga basagulero at sanggano (Dumaual 7). Kung ang salitang Espanyol ay may karagdagang kahulugan na tumutukoy sa bagay na mahirap gawin, o malaki/marami/matindi; ang salitang Tagalog/Filipino ay may kahalintulad na karagdagang kahulugan na tumutukoy rin sa bagay na matapang at malakas (Juan at Mojica 13), kagaya ng kapeng Liberica na mula sa mga lalawigan ng Batangas at Cavite, ng inuming Red Bull, at ng ilang modelo ng motorsiklong Kawasaki.

Matapos suyurin ng mga mananaliksik ang mga dambuhalang *search engine* at *database* na Google Scholar, Science Direct, Proquest, EBSCO Discovery, at JSTOR, iisang akademikong sanaysay lamang ang kanilang natagpuan na tumalakay sa salitang "barako," ang "Speaking About Humans in Animal Terms: Animal Metaphors in Tagalog" na isinulat ng Rusong lingguwistang si Sergey Klimenko. Sa kaniyang ginawang pagsusuri, may tatlong sekondaryong kahulugan ng salitang *barako* ang nasagap ni Klimenko: 1) *bully* (mapang-api, basagulero); 2) *fierce in fighting* (matapang); at 3) *libertine* (babaero) (Klimenko 20). Para sa kaniya, negatibo ang unang kahulugan, positibo ang pangalawa at neutral naman ang pangatlo.

May apat na puna ang mga mananaliksik sa sanaysay ni Klimenko. Una, lingguwistika ang ginamit na metodo ng kaniyang sanaysay. Pangalawa, pahapyaw lamang ang naging pagtalakay ni Klimenko sa salitang *barako* dahil isa lamang ito sa marami niyang binanggit na metaporang hayop. Pangatlo, ang buong wikang Tagalog/Filipino ang kaniyang piniling parametro. Pang-apat, isang dayuhan si Klimenko na nagtangkang pumasok sa mundo ng mga Tagalog/Filipino. Kaya ang papel na ito ay naiiba sa kaisa-isang akademikong sanaysay tungkol sa "barako." Una, sosyo-historikal ang ginamit nitong metodo sa pananaliksik. Pangalawa, nakatutok ang buong pagtalakay nito sa salitang *barako*. Pangatlo, ang "barako" bilang katangian ng mga Batangueño lamang ang parametro ng papel na ito. Pang-apat, parehong Pilipino ang dalawang mananaliksik ng papel na ito, at ang isa sa kanila ay tunay na Batangueño.

## Suliranin at Kahalagahan


Tinugunan ng papel na ito ang pangunahing suliranin na: ano-ano ang mga katangian ng barako bilang bahagi ng Batangueñong identidad? Pinaghati-hati ang pangunahing suliraning ito sa mga kasunod na tiyak na suliranin: 1) sino-sino ang mga kilalang barako ng lalawigan ng Batangas?; 2) ano-ano ang kanilang positibong katangian?; at 3) ano-ano ang kanilang negatibong katangian?

Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil ito ang kauna-unahang akademikong sanaysay na lubusang tumalakay sa konsepto ng "barako" bilang salitang Tagalog/Filipino, bilang bahagi ng Batangueñong identidad, at bilang korupsiyon ng salitang Espanyol na *verraco* o *berraco*. Sa ganoon, may malaking maiaambag ang pag-aaral na ito sa mga larangan ng araling Batangas, araling Tagalog, araling Pilipino, at pati na sa araling Espanyol.

## Metodolohiya

Habang nagsasagawa ng *field work* ang mga mananaliksik napag-alaman nilang may limang tanyag na barako ang lalawigan ng Batangas, at nakadikit pa sa kani-kanilang palayaw ang salitang *barako*. Ang mga ito, sa alpabetikal na pagkakahanay ng kanilang mga apleyido, ay sina Teodoro Guno (1933-1986), o Barakong Duroy, ng Rosario; Matias Hernandez (1928-2000), o Barakong Tias, ng Alitagtag; Eleuterio Medrano (1928-1983), o Barakong Luting, ng Batangas City; Leonardo Mendoza (1925-1985), o Barakong Leoning, ng San Pascual; at Romeo Ornales (1944-1995), o Barakong Roming, ng Lemery. Sa pigura 2 ay matutunghayan ang isang mapa na nagpapakita sa lokasyon ng mga teritoryo ng limang barakong ito.

Ang limang tanyag na barakong ito ang naging pokus ng papel na ito at isa-isa silang sinuri gamit ang metodong case study. Ayon kay Roland Simbulan, sa kaniyang librong *Manwal sa Panlipunang Pananaliksik*, ang case study ay isang detalyadong pag-aaral ng isang grupo, tao, organisasyon o komunidad sa isang ispesipikong panahon (Simbulan 100). Dahil na rin sa pagiging detalyado ng isang case study at pagkakaroon ng isang pokus, masasabing ang case study ay nagsisimula sa pagnanais na magkuwento – ang istorya ng komunidad o istorya ng pinag-aaralan.




***Pigura 2:*** *Mapa ng Lokasyon ng mga Teritoryo ng Limang Barakong sina Duroy, Tias, Luting, Leoning, at Roming*

Pinuntahan ng mga mananaliksik ang mga lugar ng limang barako at nakipanayam sila sa dalawang tao na malapit na kamag-anak o kaibigan ng barako. Sa pamamagitan ng datos na nakuha mula sa mga nakapanayam ay ipakikita ng pag-aaral na ito kung bakit ang limang barako ay natawag na barako, ano ang mga gawi nilang nagpakita ng kanilang pagkabarako, ano-anong simbolo ng pagkabarako ang nakita sa kanilang pamumuhay at kung positibo ba o negatibo ang kanilang pagkabarako.

Ang papel na ito ay may iisang substantibong seksiyon lamang, at ito ang seksiyong naglalaman ng limang case study. Kaya naman may limang sub-seksiyon ang nasabing seksiyon na isa-isang sumuri sa nabanggit nang limang barako ng lalawigan ng Batangas. Alpabetikal din ang pagkakahanay sa kanilang kuwentong buhay batay sa kanilang mga apelyido. Sa kongklusyon, tinugunan ng papel ang pangalawa at pangatlong tiyak na suliranin ng pag-aaral at pati na ang pangunahing suliranin.

## Limang Case Study

### *Si Barakong Duroy ng Rosario*

Si Teodoro Guno, na mas kilala sa tawag na Barakong Duroy, ay nagmula sa Barangay Maalas-as, bayan ng Rosario. Ipinanganak siya noong Abril 17, 1933 at namatay noong Abril 1986. Dalawampu't anim na taon siyang naging punong barangay ng Maalas-as, simula 1964 hanggang 1986. Nahalal din siyang pangulo ng asosasyon ng mga punong barangay ng lalawigan ng Batangas, at nanungkulan bilang pangalawang punongbayan ng munisipyo ng Rosario. Tumakbo siya bilang punongbayan ng Rosario ngunit bago pa sumapit ang halalan ay nabaril siya at namatay habang nasa sabungan.

Si Barakong Duroy ang pinakakilalang barako ng Batangas, batay sa nasaksihan ng mga mananaliksik. Kapag tinatanong ang mga Batangueño kung sino-sino ang kilala nilang barako ng Batangas, ang pangalan ni Barakong Duroy ang nauuna nilang binabanggit. Karamihan sa mga anak ni Barakong Duroy ay nasa ibang bansa na, kaya ang nakapanayam ng mananaliksik at nagsilbing impormante ay ang asawa

nitong si Nenita Guno na dating konsehala ng bayan ng Rosario at kapatid na si Benito Guno.

Magkatugma ang pahayag ng mga kinapanayam na kaya masasabing barako si Barakong Duroy ay dahil mayroon siyang isang salita, malakas ang kaniyang impluwensiya at magaling siyang makisama sa kaniyang kapuwa. Hindi lamang basta sa katapangan ang pagkabarako ni Barakong Duroy. Ang pagkabarako niya ay dahil sa pakikisama at pagtulong sa kapuwa. May kakaibang dating ang kaniyang personalidad kaya napasusunod niya ang mga tao (B. Guno). Bilang isang pinuno, ginagawa niya ang kaniyang sinabi kaya naman hindi maaaring hindi susunod ang mga tao sa kaniya. Pinatutunayan ito ng pahayag ni Salazar tungkol sa pamumuno ng mga datu at mga bagani noong unang panahon na ang mga ito ay nagtataglay ng katapangan at kahusayan sa larangan ng pakikidigma upang mapasunod nila ang mga nasasakupan sa lipunan (Salazar 12). Kung ihahalintulad sa pamumuno noong unang panahon, ang mga datu ay pinipili at kinikilala ng mga katutubo dahil sa kanilang kapangyarihan at sa kanilang mga tagasunod na pawang gumagalang sa kanila. Ang mga katangiang ito ng mga datu ay di nalalayo sa pagiging popular ni Barakong Duroy sa kaniyang nasasakupan kaya siya ang kinikilalang lider at malapit sa mga tao sa kanilang lugar. Ang katapangan at kapangyarihan ay mahalagang elemento upang maging lider ng isang pamayanan noong unang panahon.

Si Barakong Duroy ay disiplinadong tao at pinakikinggan ng mga taong kaniyang nasasakupan. Sa pamumuno niya, nagsisilbi muna siyang modelo ng disiplina bago niya disiplinahin ang kaniyang mga tagasunod (N. Guno). Dahil sa ganito niyang paraan ng pamamahala nakilala ang kaniyang pangalan at nakuha niya ang respeto ng mga tao na itinuturing naman siyang isang barako. Anumang sabihin niya, tiyak na ito ay nasusunod kaya naman natawag siyang barako ng kaniyang mga nasasakupan (B. Guno). Tatak ng pagkabarako ang pagiging totoo sa mga sinasabi niya. Ito na ang naging dahilan para pagtiwalaan siya ng mga mamamayan. Ang pagiging totoo sa salita o pagkakaroon ng isang salita ay simbolo ng pagkalalaki at pagkabarako. Mapupunang ang ibinigay na kahulugan ni Silverio sa isang barako ay tao na lalaking lalaki (Silverio 63). Mababatid din na ang lakaran sa politika sa Batangas ayon kay Yean ay nakabatay sa politiko na dapat ay magaling makisama, totoong totoo at mahusay na tao (Yean 421).

Bukod sa mga nabanggit, may ilang kuwento ang mga kinapanayam ng mga mananaliksik hinggil sa mga ginawa ni Barakong Duroy na nagpapatunay ng kaniyang pagiging barako. Sa larangan ng politika kapag sinabi ni Barakong Duroy sa kandidato na ito ang mananalo sa kanilang barangay, tiyak na mananalo ito dahil lahat ng tao ay sumusunod. Ito rin ang isa sa mga dahilan kung bakit ang mga barako ang siyang nilalapitan ng mga politiko (B.Guno). Mababatid sa disertasyon ni Yean na ang politika ay nababahiran ng sistemang compadrazgo na may pabor na ibinigay ang isa na kailangang mapalitan ng ibang pabor (Yean 10). Kung hindi niya ito magagawa masasabihan siyang walang hiya o walang utang na loob.

Dahil sa lakas ng impluwensiya ni Barakong Duroy ay maraming mga kabarangay niya sa Maalas-as ang nagawan ni Barakong Duroy ng paraan upang makapagtrabaho sa ibang bansa (B. Guno). Hindi niya rin pinababayaan ang kaniyang mga kasamahan at kahit na umabot hanggang husgado ay kaniyang inilalaban. Kalimitan, naipapanalo ni Barakong Duroy ang mga tinutulungan dahil sa mga kaibigan niyang mga abogado. Dahil maimpluwensiya si Barakong Duroy, nilalapitan siya ng malalaking tao at ganoon din naman, nakalalapit siya sa malalaking taong ito upang matulungan naman ang kaniyang mga kanayon at mga kasamahan. Kinumpirma ni Alvina sa kaniyang sanaysay na ang mga barako ay nagiging tuta ng mga politiko. Ayon sa kaniya ang mga barako nagbibigay ng serbisyo sa mga politiko kaya naman natatawag sila na mga alaga ng politiko pero puwede rin naman na ang mismong politiko ay barako (Alvina 160). Isa sa tungkulin ng mga lider ng barangay bago dumating ang mga Kastila ay ang protektahan ang kaniyang mga nasasakupan. Isa rin sa mga katangian ng mga pinuno sa mga barangay ang pagbuo ng mga alyansa upang magkaroon ng proteksiyon ang bawat isa. Sa pamamagitan ng mga alyansang ito, higit na nagiging matibay ang impluwensiya at kapangyarihan ng isang pinuno upang magawa nitong maprotektahan ang kaniyang nasasakupan.

Ayon sa maybahay ni Barakong Duroy, walang pinipili si Barakong Duroy, kung talagang nakagawa ng masama at sala sa batas ay talagang ipinakukulong niya kahit pa kasamahan, kamag-anak, o kahit pa pulis. Bawal ang magulo sa kanilang barangay at bawal din ang palaging lasing. Kahit ang mga magnanakaw sa

kanilang bayan ay hindi pinalalampas ni Barakong Duroy at tinitiyak niyang may karampatang parusa ang mga ito para sa kasalanang ginawa tulad na lamang ng pagpaparada sa mga magnanakaw na may nakasabit na karatula (N.Guno). Ang mga pahayag na nakalap mula sa mga impormante ay nagpapakita kung anong uri ng prinsipyo mayroon si Barakong Duroy gayundin ang paraan niya ng pagdidisiplina sa nasasakupan.

Samantala naibahagi ni Mang Benito na kaya mahaba ang panunungkulan ni Barakong Duroy bilang pangulo ng Maalas-as ay dahil walang maglakas-loob na lumaban sa kaniya. Aniya kung ngayon daw tatakbo sa larangan ng politika ang anak ni Barakong Duroy ay tiyak na mananalo ito, sapagkat dala-dala pa rin nito ang pangalan ng kaniyang namayapang ama. Ang hindi paglaban kay Barakong Duroy sa pagkapangulo noon ay hindi lamang dahil sa pangambang hindi siya kayang talunin dahil sa matibay na pundasyon, ngunit bilang tanda ng respeto sa kaniya.

Kahit na kulang sa pinag-aralan si Barakong Duroy, nagampanan pa rin niya nang maayos ang kaniyang panunungkulan. Ayon sa kaniyang maybahay, hindi nakarating ng kolehiyo si Barakong Duroy ngunit matalino siya at may taglay na tiwala sa sarili. Noong panahon ng panunungkulan ni Barakong Duroy, hindi batayan ang diploma upang maging pinuno sapagkat mas tinitingnan kung gaano siya katibay sa mga tao sa pamamagitan ng kaniyang pakikisama.

Itinuturing ni Aleng Nenita na may anting-anting din ang kaniyang asawa ngunit ibang klaseng anting-anting. Ayon sa kaniya, ang anting-anting ni Barakong Duroy ay kabutihan ng kaniyang kalooban sapagkat ang katwiran ni Barakong Duroy ay hindi siya tatalikod basta siya ay nasa batas o nasa katwiran.

Mula sa mga nakalap na detalye kaugnay sa pagkabarako ni Barakong Duroy, maituturing na positibo ang pagkabarako ni Barakong Duroy. Matapang siya at malakas ang loob ngunit ginamit niya ito para sa kabutihan at para sa ikagaganda ng kaniyang nasasakupan. Si Barakong Duroy raw mismo ang nagsabing kung kayo'y aasta, huwag kayong gagawa ng hindi maganda. Isa sa prinsipyo sa buhay ni Barakong Duroy ay ayaw niyang masira ang kaniyang pangalan kahit na sila ay naghihirap kaya naman dagdag pa maganda ang ehemplo ni Barakong Duroy, kahit galing siya sa hirap at hindi nakatapos ng pag-aaral, naabot niya ang magandang posisyon sa kanilang bayan maging ang paggalang at respeto ng kaniyang mga nasasakupan.

Matingkad ang pagkabarako ni Barakong Duroy. Kilalang kilala siya sa buong Batangas at marami ang nakaaalam ng kuwento ng kaniyang pagkabarako. Kahit na isang barangay lamang ang kaniyang pinamunuan, kompara sa ibang barako, mas naging matunog pa rin ang kaniyang pangalan bilang barako ng Batangas. Mula sa mga detalyeng nabanggit makikita na ang pagiging barako ni Barakong Duroy ay nagmumula sa kaniyang pagiging mahusay na lider na handang protektahan ang mga taong nasa ilalim ng kaniyang pamumuno. Positibo ang katangian ng kaniyang pagkabarako sapagkat ginagamit niya ang kaniyang tapang upang mamuno nang maayos at lumaban sa mga gawaing baluktot.

***Si Barakong Tias ng Alitagtag***

Si Matias Hernandez, na mas kilala sa tawag na Barakong Tias, ay nagmula sa bayan ng Alitagtag. Ipinanganak siya noong Pebrero 25, 1928 at namatay sa sakit noong Agosto 28, 2000. Naglingkod siya bilang ikalawang punongbayan ng Alitagtag at noong namatay ang nakaupong meyor, siya ang pumalit at tumapos ng termino nito. Matunog ang kaniyang pangalan bilang barako at interesante ang kuwento ng kaniyang pagkabarako. Ang mga nakapanayam ng mananaliksik tungkol sa buhay ni Barakong Tias ay ang kaniyang anak na si Valeriano Hernandez, dating konsehal ng Alitagtag at mas kilala sa tawag na konsehal Alex, at si Nenette Ilagan na matagal nang sekretarya ng opisina ng alkalde ng Alitagtag at matagal na nakatrabaho ni Barakong Tias.

Ayon sa impormante, si Barakong Tias ay matapang ngunit nasa tama ang kaniyang katapangan. Dagdag pa niya, itinuturing na barako si Barakong Tias dahil ito ay matapang at gustong ipaglaban kung ano ang alam niyang tama. Sinabi rin niyang si Barakong Tias ay isang mapagkumbabang barako dahil kahit siya ay meyor, hindi siya nangingiming magpaturo sa mga mas mababa ang posisyon kaysa kanya (Ilagan). Ang pagiging mababang loob ay simbolo rin ng katapangan sapagkat ito ay isang uri ng pagharap sa katotohanan.

Ayon naman sa kanyang anak na si Valeriano, barako si Barakong Tias sa husay nito sa pakikisama. Sinabi niyang kaya nabansagang barako ang kanyang ama ay dahil hindi ito umuurong sa laban at barako sa pakikisama, kaya siya ay minahal ng mga tao, hindi siya pinatay ng tao (Hernandez). Ang mahusay na

pakikisama ng mga Batangueno ang isa sa pangunahin nilang ugali sapagkat ang pakikisama ay nagbubunsod ng pagkakaisa sa isang pamayanan na nagagawa lamang kapag mayroong isang mahusay na lider sa isang organisasyon (Andres 30).

Binanggit ng kanyang anak na matulungin si Barakong Tias sa mahihirap at sa mga taong nangangailangan. Bilang isang padre de pamilya, siya ay barakong maasikaso sa pamilya. Siya rin ay pinangingilagan ng mga tao bilang tanda ng paggalang. May mga napatay si Barakong Tias subalit ito ay bilang pagdepensa lamang niya sa kanyang sarili (Hernandez). Mababatid sa pahayag ni Konsehal Alex na kaya minahal ng mga tao ang pagkabarako ni Barakong Tias ay dahil sa pinagtuunan niya ng pansin ang ikabubuti ng kaniyang mga kasamahan at mga kababayan.

Noon namang wala pa si Barakong Tias sa politika ay nagkaroon siya ng kaso dahil nakapatay siya sa pagtatanggol sa sarili ngunit boluntaryo naman siyang sumuko. Pinakiusapan pa siya ng mga alagad ng batas na pasukuin pa ang ibang pinaghahanap ng batas. Napagkatiwalaan si Barakong Tias sa ganitong gawain dahil sa bukod sa malawak ang kaniyang impluwensiya, siya ay talagang kinikilala. Bukod dito, kakilala rin niya ang iba pang barako kaya nagagawa nila ang tinatawag na "hingian." Nagagawang mapabalik ang mga bagay na ninakaw sa pamamagitan lamang ng pakikipag-usap sa kapuwa niya pinuno sa ibang barangay nang walang mahabang prosesong kailangang pagdaanan.

Noon namang siya ay nanungkulan bilang punongbayan ng Alitagtag, lumabas pa rin sa kaniyang pagdidisiplina ang kaniyang pagkabarako. Ang mga taong walang disiplina sa kanilang bayan ay talagang binibigyan niya ng karampatang parusa upang matuto tulad na lamang ng pagkakadena sa isang lasenggero sa plasa (Ilagan). Noon, karaniwang kapag namumuno ang isang barako ay mahigpit siya sa pagpapatupad ng batas at pagdidisiplina. Mabuti naman ang nagiging resulta nito sapagkat nagkakaroon ng katahimikan at kaayusan ang nasasakupan.

Mula sa mga kuwento ng mga nakapanayam ay mababanaag ang mga simbolo ng pagkabarako ni Barakong Tias: matapang siya at maimpluwensiya. Ang pagkabarako ni Barakong Tias ay makikita rin sa kaniyang paraan ng pagsasalita gayundin sa kaniyang kahusayan sa pakikisama sa mga tao na masasalamin sa dami ng kaniyang tinatawag na mga kumpare. Dahil sa husay na pakikisamang taglay niya, kahit hindi nakatapos ng pag-aaral si Barakong Tias ay naabot niya ang pagiging punongbayan. Pagdating naman sa labang pisikal hindi niya ito inuurungan, handa siyang harapin ang sinumang gumagawa ng hindi mabuting gawain gamit lamang ang maaasahan niyang balisong.

Si Barakong Tias ay kilala rin bilang nag-iingat ng mga anting-anting na pinatunayan naman ng kaniyang anak. Ayon sa mga impormante, ang mga anting-anting na ito ay ginagamit niya para sa mga kabutihan lamang at hindi upang manlamang sa kapuwa. Ang pagtataglay ng mga anting-anting ay masasabing isang kaugalian na ng mga katutubo sapagkat ang pagkakaroon nito ay nakatutulong upang makaiwas sila sa mga kapahamakan (Agoncillo 49).

Ibinahagi rin ng mga impormante ang pagiging mapagbigay ni Barakong Tias kung saan kinukuha nito sa sarili nitong bulsa ang mga gastos na kailangan na nagpapatunay na hindi siya nangangamkam ng salapi ng bayan. Likas sa mga Batangueño ang pagiging mapagbigay, ayon nga kay Dumaual, ang pagiging mapagbigay ng mga Batangueño ay bahagi ng kaniyang pagkilala sa mga biyaya't kaloob sa kaniya ng mga kaibigan at ng Poong Maykapal (Dumaual 7).

Mula sa mga nakalap na datos sa mga impormanteng malalapit kay Barakong Tias, masasabing positibo pa rin ang pagkabarako ni Barakong Tias. Ipinamalas niya ang kaniyang pagkabarako sa pamamagitan ng pagtulong sa kapuwa at sa paggawa ng magaling. Lahat ng nasasakupan niya ay pawang positibong bagay lamang ang naiuugnay na katangian sa kanilang alkalde. Mula sa mga naipakita niyang mabubuting katangian bilang alkalde, nagpapahiwatig lamang ito na di nakasalalay noong unang panahon sa taas ng pinag-aralan ang kuwalipikasyon sa pagiging mahusay na lider ng bayan. Ang taglay niyang mga katangian tulad ng pagiging mapagmalasakit, mapagpakumbaba, mahusay makisama, mapagbigay, at matapang ang nagpabantog sa kaniya bilang isang barakong Batangueñong pinunong maipagmamalaki.

### *Si Barakong Luting ng Batangas City*

Si Eleuterio Medrano, na nakilala sa tawag na Barakong Luting, ay taga-Barangay Ferry, Batangas City. Siya ay ipinanganak noong Pebrero 20, 1928 at namatay sa sakit sa puso noong Pebrero 4, 1983. Ang Ferry noong panahong iyon ay sityo ng barangay

Kumintang. Si Barakong Luting ang itinuturing na ama ng Ferry noong panahong iyon. Nasa kaniya ang respeto ng mga tao at siya ang inaasahan sa oras ng kagipitan o pangangailangan. Sa ngayon, ang matatanda pa rin sa Barangay Ferry ang itinuturing na ina at ama ng lugar. Sa kasalukuyan, sina Percival Medrano, o Tatay Percing, na pamangking buo ni Barakong Luting, at Milagros Reyes, o Nanay Mely, ang itinuturing na ama at ina ng nasabing barangay. Sina Tatay Percing at Nanay Mely ang nagsilbing impormante ng mananaliksik upang malaman ang kuwento ng pagkabarako ni Barakong Luting.

Mula sa panayam ng mananaliksik kina Tatay Percing at Nanay Mely, hindi maipagkakailang totoo ngang isang barako si Barakong Luting. Ayon sa kanila, si Barakong Luting ay isang barakong nagtatanggol sa mga naaapi. Mahal niya ang kaniyang nasasakupan at mga nangangailangan kaya naman siya ay tinangkilik din ng mga tao. Bilang isang barako, si Barakong Luting ay talagang iginagalang (Reyes). Ayon pa kay G. Medrano, si Barakong Luting ay nabibilang sa maimpluwensiyang pamilya at kilala siya sa Batangas, sa Maynila, at sa iba pang bahagi ng bansa sapagkat noong panahon ng kaniyang pagkabarako, lagi siyang laman ng telebisyon, radyo, at pahayagan.

Ang pagkabarako ni Barakong Luting ay naipamalas niya sa pamamagitan ng kaniyang tapang at pagtatanggol sa kaniyang sarili. Hindi niya kinaruruwagan ang pagkitil ng buhay lalo na kung ito ay may kinalaman sa paglaban para sa kaniyang sariling kapakanan at maging sa pagtatanggol na rin sa mga taong naaapi at walang laban. Sumikat siya sa aspektong ito sapagkat palagi siyang naeengkuwentro sa labanan na nagiging dahilan upang maging laman siya ng balita. Noong unang panahon, ang batas ay inilalagay ng mga pinuno sa kanilang mga kamay. Kapag may mga nagkasala, maaaring sila na ang magbigay ng hustisya para sa naapi nang hindi sila nakukulong kahit buhay ang kanilang kinuha. Bahagi rin ng kaniyang katapangan ang paglilinis sa kaniyang nasasakupan laban sa mga taong gumagamit ng ipinagbabawal na gamot. Nagawa niyang masugpo at mapasuko ang mga taong may kaugnayan dito.

Ang pagkabarako ni Barakong Luting ay makikita sa tatlo niyang matitingkad na katangian: una, ang katapangan o pagkabarako niya ay naging tatak na ng kaniyang propesyon bilang isang pulis. Bilang pulis, hindi nito pinalalampas ang anumang kalokohan o anumang anyo ng pang-aabuso. Pangalawa, siya ay maimpluwensiya rin at kinikilala sa dahilang sinusunod siya sa kanilang lugar at ang salita niya ay batas. Bilang itinuturing na ama ng kanilang lugar, sa kaniya lumalapit at umaasa ang mga tao kapag oras ng kagipitan at ng pangangailangan. Malapit din siya sa malalaking politiko kaya naman sa edad na labing-apat na taong gulang ay alalay na siya ng Presidente ng Pilipinas na si Jose P. Laurel. Panghuli ay ang pagtataglay niya ng anting-anting na pinaniniwalaang ginagamit niyang proteksiyon sa kapahamakan. Ayon sa mga impormante, hindi siya tinatablan ng bala ng baril.

Dahil sa mga katangiang ito ni Barakong Luting, kinilala, minahal, at nirespeto siya ng mga tao at kaya lumawak ang network ni Barakong Luting ay dahil minahal siya ng mga tao (Medrano). Kilalang-kilala siya at mayroon siyang karismang barako hanggang sa panahong ito. Kahit pa nga marami siyang inutang na buhay ay hinahangaan pa rin talaga ang kaniyang prinsipyo. Hindi ito naging hadlang upang matamo niya ang respeto ng mga taong tumitingala sa kanya. Ang kaniyang pakikipaglaban ay nasa katwiran lalo na at may kinalaman ito sa paglaban para sa karapatan ng mga naaapi.

Sa mga nabanggit na mga katangian ni Barakong Luting, malinaw na ang kaniyang katapangan pa rin ay nagsisimula sa kaniyang paggamit ng dahas para makatulong sa mga taong api. Siya ay nagsisilbing tagapagtanggol at nagbibigay ng proteksiyon kahit pa nga ang maging resulta nito ay karahasan o pagkitil ng buhay na para sa kaniya ay isang gawaing tama at makatarungan. Si Barakong Luting ang imahen ng isang taong tagapagtanggol ng mga naaapi na kayang gawin ang lahat para sa mga taong hindi nakatatamo ng hustisya o patas na laban.

***Si Barakong Leoning ng San Pascual***

Si Leonardo Mendoza, na mas kilala sa tawag na Barakong Leoning, ay mula sa bayan ng San Pascual. Siya ang itinuturing na tagapagtatag ng bayan ng San Pascual. Si Barakong Leoning ay labinlimang taong nagsilbing punongbayan ng San Pascual. Ipinanganak siya noong November 6, 1925. Dapat lalaban pa siya ng isa pang termino bilang punongbayan pero bago mag-eleksiyon ay binawian siya ng buhay noong Nobyembre 25, 1985. Ang mga naging impormante ng mananaliksik sa buhay ni Barakong Leoning ay ang kaniyang anak na si Jesus Mendoza at ang dating

punongbayan ng San Pascual na si Antonio Dimayuga.

Ayon sa mga kuwento ng mga impormante, si Barakong Leoning ay nabansagang barako dahil siya ay maraming asawa ngunit sa kabila nito naipamalas niya ang kaniyang pagiging maginoo. Ayon sa anak niyang si Konsehal Jess, labintatlo silang magkakapatid pero sa tatlong iba't ibang ina. Ayon kay Alvina, isang konotasyon ng pagiging barako ay ang pagiging babaero nito. Nagpapakita ng tikas ng kaniyang pagkalalaki ang pagkakaroon niya ng mga anak mula sa iba't ibang babae (Alvina160). Sa kabila ng katangiang ito, masasabi namang siya ay matulungin sa kapuwa na makikita sa mga umaasa sa kaniya at maging sa paraan niya ng pakikisama. Talagang ipaglalaban niya ang kaibigan o kasamahan hanggang sa dulo.

Bilang isang barako ay nambabarako si Barakong Leoning sa kaniyang pamamahala. Ipinakita niya ang kaniyang pagkabarako sa pamamagitan ng mahigpit na paraan ng pagdisiplina sa mga mamamayan ng kanyang bayan, malakas na suporta sa sinumang kandidatong hawak sa halalan, pagpapatupad ng proyekto kahit na walang sapat na papeles, at pagkakaroon ng mga kaibigang kilalang politiko. Dahil sa mga kakilala niyang ito, nagawa niyang maging bayan ang San Pascual. Naging instrumento siya upang maging tahimik ang bayan ng San Pascual. Ang sinuman sa kanilang bayan ay nangingilag na maranasan ang tapang ni Barakong Leoning. Pinaniniwalaan din ng mga impormante na may taglay na anting-anting si Barakong Leoning. Ang anting-anting na ito ay nagamit niya laban sa mga taong may galit sa kaniya maging sa kaniyang pagiging simpaltiko upang magkaroon ng maraming asawa.

Mula sa mga nabanggit na patunay ng mga impormante hinggil sa katangian ni Barakong Leoning masasabing positibo ang kaniyang pagkabarako. Ang kaniyang tapang ay naipakita niya sa pamamagitan ng pagkilos upang magkaroon ng katahimikan ang lugar na nasasakupan. Bagama't negatibo ang pagkakaroon ng marami niyang anak sa iba't ibang babae, hindi ito naging balakid upang makuha niya ang respeto at pagkilala sa kaniyang kakayahan ng mga taong kaniyang nasasakupan.

### *Si Barakong Roming ng Lemery*

Si Romeo Ornales, na mas kilala sa tawag na Barakong Roming, ay mula sa bayan ng Lemery. Siya ay ipinanganak noong Setyembre 4, 1944 at namatay noong Seytembre 1, 1995. Siya ay naglingkod bilang punongbayan ng Lemery mula noong 1986 hanggang 1988, at 1992 hanggang 1995. Ang mga impormante hinggil sa mga salaysay ukol sa pagkabarako ni Barakong Roming ay ang kaniyang asawang si Evelyn Ornales at ang kaniyang anak na si Geraldine na naging bise-alkalde ng Lemery, Batangas.

Ayon sa kaniyang maybahay, si Barakong Roming ay mabait, matapang, at pinangingilagan ng mga tao. Nakulong siya sa salang pagpatay ngunit hindi ito naging hadlang upang magkaroon din siya ng puwesto sa bayan ng Lemery upang mamuno sa mga tao (E. Ornales). Katulad din ng ibang barakong nabanggit, siya ay nirerespeto ng mga tao at marami rin siyang kaibigang mga politiko.

Ayon sa mga impormante, bilang barako masasabing talagang matapang si Barakong Roming ngunit malambot ang puso nito sa pagtulong sa kapuwa. Siya rin ay nakikipaglaban para sa pagkakapantay-pantay sapagkat ayaw niya na mayroong naaapi. Handa siyang lumaban para sa mga taong naapi sa aspektong pisikal man. Isang magandang katangian niya ay ang pagiging malambot ng kaniyang puso. Siya mismo ang nagpapagamot sa mga taong kaniyang nasasaktan (G. Ornales).

Dagdag pa rito, sinasabing ang pagkabarako ni Barakong Roming ang dahilan kaya noong panahon ng kaniyang pamumuno ay naging matahimik ang Lemery. Naging disiplinado ang mga mamamayan sa kanilang lugar sapagkat walang pinipili si Barakong Roming sa pagdidisiplina at pagpapatupad ng batas. Makikita rin ang kaniyang pagkabarako sa pagkakaroon niya ng baril na lagi niyang dala-dala saanman magpunta, kaya naman pinangingilagan siya ng mga tao. Ang husay niya sa pakikisama ay naging instrumento rin upang maluklok siya sa puwesto. Ito rin ang dahilan kung bakit namana ni Geraldine ang puwestong dating hinahawakan ng kaniyang ama. Naniniwala rin ang mga impormante sa pagkakaroon niya ng anting-anting kaya mayroon siyang kakaibang lakas.

Mula sa mga nabanggit na mga katangiang ito ni Barakong Roming, ang nagpatibay sa kaniyang pagkabarako ay ang kaniyang husay sa pagtatanggol ng mga naaapi at pagkakaroon ng tapang at lakas upang magkaroon ng kapayapaan sa bayang nasasakupan. Ginamit niya ang tapang na ito upang maging mahusay siyang pinunong nirerespeto at pinangingilagan ng masasamang tao upang gumawa ng mga bagay na

maaaring magdulot ng kaguluhan.

Sa kabuuan, masasabing ang katapangang ipinakita ng limang barako ng Batangas ay pawang iisa. Una katapangan para ipagtanggol ang naaapi; pangalawa, pagnanasa sa pagkakaroon ng kapayapaan at katahimikan; pangatlo, ang pagiging protektor ng kaniyang nasasakupan. Ang pagpapakita nila ng katapangan o pagkabarako ay positibo sapagkat ang kanilang tapang ay hindi nagbubunsod ng kaguluhan o kapahamakan kaninuman, sa halip ang kanilang tapang at ang pangingilag ng tao sa kanila ang naging daan upang magkaroon ng pagkakapantay-pantay sa mga lugar na nasasakupan at matamo ng bawat mamamayan ang kapayapaan na dapat ay mayroon sa kanilang bayan o barangay.

## Kongklusyon

Batay sa limang case study tungkol sa mga pinakakilalang barako ng lalawigan ng Batangas, may naitala ang papel na ito na 17 katangian ng barakong Batangueño: 1) babaero, 2) galante sa paggastos para sa iba, 3) hindi abusado, 4) hindi nakapagtapos ng kolehiyo, 5) inihalal na pinuno, 6) kinatatakutan, 7) maayos makisama, 8) mapagpakumbaba, 9) matapang at malakas ang loob, 10) matinding dumidisiplina sa nasasakupan, 11) may anting-anting, 12) may isang salita, 13) may puso para sa mahihirap at inaapi, 14) nananakit at pumapatay ng tao, 15) nilalapitan ng malalaking politiko, 16) pinaninindigan ang tama, at 17) sinusunod at pinagkakatiwalaan ng taumbayan. Maaring pag-uri-uriin ang mga katangiang ito sa dalawang kategorya: personal at relasyonal. Ang mga personal na katangian ng barakong Batangueño ay iyong mga katangiang matatagpuan sa pagkatao ng nasabing barako; habang ang mga relasyonal na katangian ay iyong mga katangiang nabubuo lamang kapag nakikisalamuha na ang nasabing barako sa mga taong nakapaligid sa kaniya. Ang 17 katangian ng barakong Batangueño ay maaari ring pag-uri-uriin sa tatlong kategorya: positibo, negatibo, o neutral. Ipinakikita sa talahanayan 1 kung paano inuri-uri ng mga mananaliksik ang 17 katangian gamit ang mga katergoryang personal at relasyonal, at karagdagan pang mga katergoryang positibo, negatibo, at neutral.

Mapapansin na sa talahanayan 1 mas marami ang mga relasyonal na katangian kaysa mga personal na katangian ng barakong Batangueño; at mas marami ang mga positibong katangian kaysa mga negatibo at neutral na katangian ang nasabing barako.

Maaari pang patalasin ang listahan ng mga katangian ng barakong Batangueño sa pamamagitan ng pagsama lamang sa mga katangiang taglay ng hindi bababa sa apat na barako. Ipinakikita sa talahanayan 2

**Talahanayan 1.** *Pag-uri-uri sa 17 Katangian ng Barakong Batangueño Gamit ang mga Kategoryang Personal at Relasyonal, at Pati na ang mga Kategoryang Positibo, Negatibo, at Neutral*

| | **Positibo** | **Negatibo** | **Neyutral** |
|---|---|---|---|
| Personal | Hindi Abusado<br>Mapagpakumbaba<br>Matapang at Malakas ang Loob<br>May Isang Salita<br>Pinaninindigan ang Tama | Babaero<br>Hindi Nagtapos ng Kolehiyo | May Anting-anting |
| Relasyonal | Inihalal na Pinuno<br>Maayos Makisama<br>May Puso para sa Mahihirap at Inaapi<br>Sinusunod at Pinagkakatiwalaan ng Taumbayan | Kinatatakutan<br>Matinding Dumidisiplina sa Nasasakupan<br>Nananakit at Pumapatay ng Tao | Galante sa Paggastos para sa Iba<br>Nilalapitan ng Malalaking Politiko |

kung alin sa 17 katangiang naitala ng papel na ito ang taglay ng bawat barako batay sa naisagawang limang case study.

Gamit ang datos na ipinakikita ng talahanayan 2, 11 katangian na lamang ng barakong Batangueño ang matitira kapag tinanggal mula sa orihinal na listahan iyong taglay lamang ng isa, dalawa, o tatlong barako. Ang natitirang 11 katangiang ito ay ipinakikita sa talahayan 3 na naka-uri-uri pa rin gamit ang mga kategoryang personal at relasyonal, at pati na ang mga kategoryang positibo, negatibo, at neutral.

Mapapansin na sa talahanayan 3 mas marami pa rin ang mga relasyonal na katangian kaysa mga personal na katangian ng barakong Batangueño; at mas marami pa rin ang mga positibong katangian kaysa mga negatibo at neutral na katangian ang nasabing barako.

Batay sa limang case study na isinagawa para sa papel na ito ang talahanayan 3 ang nagpapahayag

**Talahanayan 2.** *Ang 17 Katangiang Naitala ng Pananaliksik at ang Limang Barako ng Lalawigan ng Batangas*

| Mga Katangian | | Positibo/ Negatibo | Barakong Leoning | Barakong Tias | Barakong Luting | Barakong Duroy | Barakong Roming | Frequency |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Personal | Hindi Abusado | + | / | / | / | | | 3 |
| | Mapagpakumbaba | + | | / | | | | 1 |
| | Matapang at Malakas ang Loob | + | / | / | / | / | / | 5 |
| | May Isang Salita | + | | | / | / | | 2 |
| | Pinaninindigan ang Tama | + | / | / | / | / | / | 5 |
| | Babaero | - | / | | | | | 1 |
| | Hindi Nakapagtapos ng Kolehiyo | - | | / | | / | / | 3 |
| | May Anting-anting | Neyutral | / | / | / | | / | 4 |
| Reolasyonal | Inihalal na Pinuno | + | / | / | / | / | / | 5 |
| | Maayos Makisama | + | / | / | / | / | / | 5 |
| | May Puso para sa Mahihirap at Inaapi | + | / | / | / | / | / | 5 |
| | Sinusunod at Pinagkakatiwalaan ng Taumbayan | + | / | / | / | / | / | 5 |
| | Kinatatakutan | - | / | / | / | / | / | 5 |
| | Matinding Dumidisiplina sa Nasasakupan | - | / | / | / | / | / | 5 |
| | Nananakit at Pumapatay ng Tao | - | / | / | / | | / | 4 |
| | Galante sa Paggastos para sa Iba | Neyutral | | / | | | / | 2 |
| | Nilalapitan ng Malalaking Politiko | Neyutral | / | | / | / | / | 4 |
| **Frequency** | | | 13 | 14 | 13 | 11 | 13 | |

**Talahanayan 3.** *Pag-uri-uri sa Natitirang 11 Katangian ng Barakong Batangueño Gamit ang mga Katergoryang Personal at Relasyonal, at Pati na ang mga Kategoryang Positibo, Negatibo, at Neutral*

| | Positibo | Negatibo | Neyutral |
|---|---|---|---|
| **Personal** | Matapang at Malakas ang Loob<br>Pinaninindigan ang Tama | | May Anting-anting |
| **Relasyonal** | Inihalal na Pinuno<br>Maayos Makisama<br>May Puso para sa Mahihirap at Inaapi<br>Sinusunod at Pinagkakatiwalaan ng Taumbayan | Kinatatakutan<br>Matinding Dumidisiplina sa Nasasakupan<br>Nananakit at Pumapatay ng Tao | Nilalapitan ng Malalking Politiko |

ng mas makatotohanang pagdalumat sa imahen ng barako bilang parte ng Batangueñong identidad. Kapansin-pansin na lumawig na ito palayo sa pangunahing kahulugan ng salitang *barako*, o *verraco* o *berraco*, dahil hindi na nito taglay ang seksuwal na konotasyong may kinalaman sa pagiging babaero. Lumawig din palayo ang pagkabarakong Batangueño sa sekondaryong kahulugan ng salitang *barako* na matatagpuan sa kulturang popular dahil mas positibo kaysa negatibo ang pagka-barakong Batangueño na natuklasan ng pananaliksik na ito. Lumawig din palayo ang pagka-barakong Batangueño sa sekondaryong kahulugan ng Espanyol na salitang *verraco* o *berraco*, dahil mas relasyonal kaysa personal ang pagka-barakong Batangueño na natuklasan ng pananaliksik na ito.

## Sanggunian


Agoncillo, Teodoro. *History of the Filipino People.* Quezon City: C & E Publishing Inc., 2012. Print.

Alvina, Corazon. "Ang Barako." *Batangas Forged in Fire.* Ed. Ramon Villegas. Makati City: Ayala Foundation. Filipinas Heritage Library, 2002. 158-160. Print.

Andres, Tomas. *Understanding Batangueno Values*. Quezon City: Giraffe Books, 2004. Print.

Arogante, Jose. *Panitikang Filipino: Pampanahong Elektroniko*. Mandaluyong City: National Book Store, 1991. Print.

Dumaual, Imelda J. *Ang Kasaysayang Lokal ng Tanauan*. Tanauan City, Batangas: I.J. Dumaual Publications, 2005. Print.

Ilustre, Aurea. *Maikling Kasaysayan ng Lungsod at Lalawigan ng Batangas*. Quezon City: Vibal Publishing House, Inc., 1991. Print.

Klimenko, Sergey B. "Speaking about Humans in Animal Terms: Animal Metaphors in Tagalog." academia.edu. (n.d):1-17. Web. 17 Marso 2017.

Juan, Chit at Mojica. *Barako: The Big Bean*. Manila: Anvil Publishing, 2005. Print.

Lopez, Cecilio. "The Spanish overlay in Tagalog." *Lingua* 14 (1965): 467-504. Print.

Salazar, Zeus. *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2004. Print.

Silverio, Julio. *Bagong Diksiyunaryong Pilipino-Pilipino*. Manila: National Bookstore Inc., 1980. Print.

Simbulan, Roland. *Manwal sa Panlipunang Pananaliksik*. Lungsod Quezon:: Ibon Books, 2008. Print.

Yean, Soon Chuan. "Politics from Below: Culture, Religion, and Popular Politics in Tanauan City, Batangas." *Philippine Studies* 56.4 (2008):413- 442. Print.

Yean, Soon Chuan. "Popular Politics in a Philippine Municipality." Diss., National University of Singapore, 2008. Print.


### Mga Personal na Panayam ng mga mananaliksik


Dimayuga, Antonio. Personal na panayam. 25 Marso 2015.

Guno, Benito. Personal na panayam. 24 Pebrero 2015.

Guno, Nenita. Personal na panayam. Mayo 2015.

Hernandez, Valeriano. Personal na panayam. 20 Marso 2015.

Ilagan, Luniza. Personal na panayam. 20 Marso 2015.

Medrano, Percival. Personal na panayam. 31 Marso 2015.

Mendoza, Jesus. Personal na panayam. 25 Mayo 2015.

Ornales, Evelyn. Personal na panayam. 20 Marso 2015.

Ornales, Geraldine. Personal na panayam. 26 Hunyo 2015.

Reyes, Milagros. Personal na panayam. 25 Marso 2015.